# 8 EsP

## Unang Markahan



PIVOT 4A LEARNER'S MATERIAL

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng worksheets/activity sheets na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI).

CLMD CALABARZON

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikawalong Baitang

**Regional Office Management and Development Team:** Job S. Zape, Jr., Romyr L. Lazo, Fe M. Ong-ongowan, Lhovie A. Cauilan at Ephraim L. Gibas

**Schools Division Office Development Team:** Rochelle S. Aurello at Jenny Ross G. Unico, Ruvy L. Bustarde, Renelio G. Magno, Lourdes C. Pascual, Kristen Alogordo, Mark Razul G. Leal, Jun Robles, Ronald V. Ramilo at Edna U. Mendoza

**Edukasyon sa Pagpapakatao Ikawalong Baitang**
**PIVOT IV-A Learner's Material**
**Unang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

## Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang EsP. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa pagbibigay sa ating mga mag-aaral ng tamang paraan ng paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pag-unawa sa pagpapakita ng kakayahan nang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusonod na aralin.

Salamat sa iyo!

## Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
3. Maging tapat at may integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi sa MELC. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

| | Bahagi ng LM | Nilalaman |
|---|---|---|
| Panimula | Alamin<br>Suriin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o lingo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| Pagpapaunlad | Subukin<br>Tuklasin<br>Pagyamanin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| Pakikipagpalihan | Isagawa<br>Linangin<br>Iangkop | Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude (KSA). Pinahihintulutan ng guro ang mga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/ gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| Paglalapat | Isaisip<br>Tayahin | Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang mga bago at lumang natutuhan. |

WEEKS 1-2

# Pagkilos Tungo sa Pagmamahalan ng Pamilya

I

Aralin

Noong nakaraang taon ay naipamalas mo ang pag-unawa sa mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos ng pagdadalaga/pagbibinata, kakayahan at talento, hilig at pagkatao tungo sa pagtupad ng tungkulin sa sarili, sa kapwa, sa bansa at sa Diyos.

Ngayong ikaw ay nasa ikawalong baitang na, hangad ng asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao na maipamalas mo ang pag-unawa sa layunin at kahalagahan ng pamilya at pakikipagkapagkapwa upang maging mapanagutan sa pakikipag-ugnayan sa iba tungo sa makabuluhang buhay sa lipunan.




Tutuklasin at palalalimin mo ang halaga ng pagmamahalan sa pamilya at maisagawa ang mga kilos na nagpapakita nito tulad ng mga nasa larawan.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang natutukoy mo ang mga gawain o karanasan sa sariling pamilya na kapupulutan ng aral o may positibong impluwensiya sa sarili. Nasusuri mo ang pag-iral ng pagmamahalan at pagtutulungan at pananampalataya sa isang pamilyang, nakasama, naobserbahan o napanood. Napatutunayan mo rin kung bakit ang pamilya ay natural na institusyon ng pagmamahal at pagtutulungan na nakatutulong sa pagpapaunlad ng sarili tungo sa makabuluhang pakikipagkapwa.


Sa huli, inaasahang naisasagawa mo na ang mga angkop na kilos tungo sa pagpapaunlad ng pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Suriin ang larawan ng pamilya sa ibaba. Gumawa ng **concept map** sa kuwaderno gamit ang mga impormasyong hinihingi. Ilagay ang mga kaisipan na nakapaloob sa salitang pamilya.



1. Mga salitang may kinalaman sa pamilya
2. Katawagan sa mga kasapi ng pamilya
3. Tungkulin at gawain ng bawat kasapi
4. Mga damdaming umiirial sa bawat isa
5. Iba pang pangangailangan ng pamilya

Masaya ka ba sa iyong pamilya? Basahin ang tula at unawain ang mensahe nito.



**Sa Pamilya Ko, Happy Ako**

*Akda ni: Lourdes C. Pascual*

*Sa aking paggising ay yakap ni inay ,*
*ang nagpapalakas sa pagal na katawan*
*Dagling bumabangon dahil sabik matikman,*
*ang kanyang inihanda sa hapag kainan*

*Sabay-sabay na kakain kapiling si itay*
*pati na rin si kuya maging si ate*
*Kapag nabusog ramdam agad na malusog,*
*kung kaya't sa gawain ay agad dudulog*

*Kanya-kanyang tungkulin ay agad gagawin,*
*matamis na ngiti sa labi ay namumutawi*
*Mahirap man ang buhay ay masaya naman,*
*sa tulong at gabay ng Diyos na Maylalang*

*Huwag susuko sa pagsubok*
*dahil ang Maykapal ay nariyan lamang*
*Sa ating Isip at puso ay laging nananahan*
*upang pagaanin ang lahat nating alalahanin.*

*PIVOT 4A CALABARZON*

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin at unawain. Isulat ang Tama kung ang nakasaad ay tumutukoy sa wastong konsepto tungkol sa pamilya. Isulat naman ang Mali kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

_____1. Ang ating lipunan ay binubuo ng iba't ibang institusyon o sektor.

_____2. Ang pamilya ay matatawag na pamayanan ng mga tao kung walang pagmamahal.

_____3. Ang pagpapakasal ng dalawang taong nagmamahalan ang nagpapatibay sa isang pamilya.

_____4. Ang pamilya ang orihinal na paaralan ng pagmamahal.

_____5. Ang bawat pamilya ay walang panlipunan at pampolitikal na gampanin.

_____6. Ang bawat kasapi ng pamilya ay may katumbas na halaga.

_____7. Ang isang sanggol na ipinanganganak sa mundo bawat segundo ay nagmumula sa isang pamiilya.

_____8. Ang bawat magulang ay dapat handang mag-aruga ng kanilang anak may kapansanan man ito o wala.

_____9. Ang pamilya ay pinakamahalagang yunit ng lipunan.

_____10. Ang paaralan ang pinaka epektibong paraan upang gawing makatao at mapagmahal ang lipunan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Mag-isip at maglahad ng mga gawain sa iyong pamilya na nagpapakita ng pagtutulungan at pagmamahalan. Dagdagan ito ng nais mo pang magawa. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

**Pagtutulungan at Pagmamahalan sa Aming Pamilya**

Naipakikita ang pagtutulungan at pagmamahalan sa pamilyang kinabibilangan ko sa pamamagitan ng:


1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

Ang nais ko pa sanang mangyari o magkaroon sa aming pamilya upang mas lalo pa kaming mapagmahal sa isa't isa ay:

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Punuan ng detalye ang tsart sa ibaba. Isulat ang mga tungkuling dapat gampanan ng bawat kasapi ng pamilya ayon sa iyong nalalaman. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Bawat kasapi ng pamilya ay may bahaging ginagampanan. Madalas nga lamang ay hindi na nabibigyang-pansin sa isang pamilya ang kontribusyon ng bawat isa, maliit man ito o malaki. Sa pagkakataong ito ay maglalaan ka ng panahon upang isa-isahin ang mga naiambag ng mga kasapi ng iyong sariling pamilya para sa iyong sarili, para sa mga kapwa kasapi ng pamilya, para sa buong pamilya, at maging para sa pamayanan.




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Kung may paraan na kayang gawin na hindi ka na lalabas ng bahay, makipag-ugnayan sa ibang kamag-aaral para ikumpara ang inyong mga sagot. Kung wala namang paraan, ipakita ito sa mga kasapi ng pamilya at magtanong sa kanila. Ayusin ang una mong nagawa at dagdagan ito kung kinakailangan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

# D

Maliwanag ba sa iyo ang mga tungkulin ng iyong nanay, tatay, ate at kuya at ng iba pa kung may mga karagdagang kasapi sa inyong tahanan? Nakikita ba ito sa inyong pamilya na itinuturing na isang natural na institusyon ng pagmamahal at pagtutulungan?

**Ang Pamilya Bilang Likas na Institusyon**

Ano nga ba ang pamilya? Ayon kay Pierangelo Alejo (2004), ang pamilya ang pangunahing institusyon sa lipunan na nabuo sa pamamagitan ng pagpapakasal ng isang lalaki at babae dahil sa kanilang walang pag-iimbot, puro, at romantikong pagmamahal - kapwa nangakong magsasama hanggang sa wakas ng kanilang buhay, magtutulungan sa pag-aaruga at pagtataguyod ng edukasyon ng kanilang mga magiging anak. Ayon pa rin sa kaniya, ang pamilya ay isang kongkretong pagpapahayag ng positibong aspekto ng pagmamahal sa kapwa sa pamamagitan ng kawanggawa, kabutihang loob, at paggalang o pagsunod.

Maaaring patuloy na nagkakaroon ng ebolusyon sa kahulugan ng pamilya ngunit isa ang mananatili, ang pamilya ay isang likas na institusyon. Bakit nga ba? Basahin mo at unawain sa ibaba ang pitong mahahalagang dahilan:

***"Pamilya: pangunahing institusyon."***

**1. Ang pamilya ay pamayanan ng mga tao (community of persons) na kung saan ang maayos na paraan ng pag-iral at pamumuhay ay nakabatay sa ugnayan.**

Ang pamilya ay itinatag bilang isang malapit na komunidad ng buhay at pagmamahal. Ang kapangyarihan ng pamilya bilang isang lipunan ay nakasalalay sa ugnayang umiiral dito. Ang pamilya ay isang mabuting pangangailangan ng lipunan (necessary good for society); kaya't kapag hindi ito iginalang, mapanira ang epekto nito sa lipunan sa kabuuan.

Kung ang kabutihan ng pamilya ay napagyayaman, naitataguyod, at napangangalagaan ng lipunan, ang bawat kasapi nito ay nabibigyan ng pagkakataon na makamit ang kaniyang kaganapan sa isang maayos na kapaligiran na angkop para sa paghubog ng mga panlipunang birtud at pagpapahalaga (De Torre, J., 1977).

**2. Nabuo ang pamilya sa pagmamahalan ng isang lalaki at babaeng nagpasiyang magpakasal at magsama nang habangbuhay.**

Ang pagpapakasal ng dalawang taong nagmamahalan ang magpapatibay sa isang pamilya – dito ipinakikita ang pagsasama ng buhay at pagmamahal, ang pagbibitiw ng mga pangako na nagpapatibay sa pagbibigay-halaga sa tao bilang tao at hindi isinasaalang-alang ang anumang mayroon ng isa.

Ang pagmamahal na namamagitan sa mag-asawa (conjugal love) ay nakapagbibigay-buhay (dahil nakatakda ito sa pagkakaroon ng anak), kaya patungo ito sa pagmamahal ng magulang (paternal love). Nabuo ito dahil sa pagmamahal. Ito ang tanging "samahan" na di dapat piliin, ihalal, o iboto ang mga namumuno; kinikilala rito ang pamumuno ng ama at ina.

Ang ugnayan ng mga kasapi nito ay pinagtitibay ng pagmamahalan magkalayo man sila sa isa't isa.

***"Pamilya: orihinal na paaralan."***

**3. Ang pamilya ang una at pinakamahalagang yunit ng lipunan. Ito ang pundasyon ng lipunan at patuloy na sumusuporta rito dahil sa gampanin nitong magbigaybuhay.**

Sa pamilya unang sumisibol ang bawat mamamayan na magiging mahalagang bahagi ng lipunan, ang mga magiging kasapi ng iba't ibang sektor ng lipunan. Layunin ng pamilya ang pag-aanak at edukasyon ng mga anak.

**4. Ang pamilya ang orihinal na paaralan ng pagmamahal.**

Sa pamilya, binibigyang-halaga ang kasapi dahil sa pagiging tao niya, hindi dahil sa kaniyang kontribusyon o magagawa sa pamilya. Ang ugnayang dugo ang likas na dahilan kung bakit ang kapamilya ay parang sarili (another self), may dignidad at may karapatang mahalin dahil sa pagiging tao niya at hindi sa kung anong mayroon siya (halimbawa, kapangyarihan, kagandahan, o talento.) Hindi ito kumikilos batay sa prinsipyo ng paggamit lamang (principle of utility).

**5. Ang pamilya ang una at hindi mapapalitang paaralan para sa panlipunang buhay (the first and irreplaceable school of social life).**

Ang pamilya ang pinakaepektibong paraan upang gawing makatao at mapagmahal ang lipunan. May orihinal na kontribusyon ito sa pagtatayo ng mundo, sa pamamagitan ng pangangalaga at pagtuturo ng mga pagpapahalaga. Dito muusbong ang mga panlipunang pagpapahalaga na nakatutulong sa pag-unlad ng lipunan.

**6. May panlipunan at pampolitikal na gampanin ang pamilya.**

Hindi nilikha ang pamilya para sa kapakanan ng mga miyembro lamang. Mayroon itong tungkulin sa lipunan kung saan ito ay isang mahalagang bahagi. Kasama sa panlipunang tungkulin ng pamilya ang gampaning politikal tulad ng pagbabantay sa mga batas at institusyong panlipunan – kung ang mga ito ay sumusuporta at ipinagtatanggol ang mga karapatan at tungkulin ng pamilya. Kaya may pananagutan ang pamilya na baguhin ang lipunan sa pamamagitan ng pakikisangkot sa mga isyu at usapin – at hindi nakatuon sa kapakanan ng sariling pamilya lamang.

**7. Mahalagang misyon ng pamilya ang pagbibigay ng edukasyon, pagabay sa mabuting pagpapasiya, at paghubog ng pananampalataya.**

Bukod sa pagkakaroon ng anak, may pananagutan ang mga magulang na gabayan ang anak upang lumaki at umunlad ito sa mga pagpapahalaga at maisabuhay ang misyon ng Diyos para sa kaniya.

Mahalagang misyon ng pamilya ang pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa mabuting pagpapasiya, at paghubog ng pananampalataya.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Nagbago ba ang iyong pananaw tungkol sa pamilya matapos mabasa ang mga paliwanag? Lumawak o lumalim ba ang iyong kaalaman tungkol sa pamilya? Ilarawan mo ngayon ang iyong bago o mas pinaunlad na kaalaman. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Gamitin ang pagkamalikhain sa paglalarawan ng iyong pananaw tungkol sa pamilya. Maaaring pumili ng isa sa mga sumusunod:
   a. Gumuhit o di kaya ay gumupit ng mga larawan na maaaring magamit sa paglalarawan.
   b. Pumili ng isang awit na tutugma sa sariling paglalarawan.
   c. Sumulat ng tula.
   d. Lumikha ng isang slideshow o iba pang paraan na naglalarawan ng pananaw tungkol sa pamilya.
2. Pumili ng isa sa pitong mga dahilan kung bakit itinuturing ang pamilya bilang isang likas na institusyon na bago sa iyo o ngayon mo lamang nalaman. Anong kaalaman ang iyong natutuhan at bakit mahalaga na nalaman mo ito.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Gamit ang bagong kaalaman at sariling karanasan tungkol sa pamilya, gumawa ng isang pagsusuri gamit ang paraang SWOT (Strength, Weakness, Opportunities Threats). Gamiting gabay ang mga tanong sa ibaba upang maisagawa ang gawain. Tingnan din ang halimbawa sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

a. **Kalakasan –** Anong kalakasan mayroon ang pamilyang Pilipino at ang iyong pamilya batay sa pitong dahilan? Anong natatanging kakayahan o kakanyahan mayroon ang pamilyang Pilipino at ang iyong sariling pamilya?

b. **Kahinaan –** Anong kahinaan ng pamilyang Pilipino at ng iyong sariling pamilya ang nagiging balakid sa pagkamit ng tunay nitong layunin? Anong mga suliranin ang nagiging dahilan upang hindi magtagumpay ang bawat kasapi ng pamilya na gampanan ang kanilang mga tungkulin sa pagkamit ng kaganapan?

c. **Oportunidad –** Anong oportunidad ang naghihintay na makatutulong upang mapagtagumpayan ng pamilyang Pilipino at ng iyong sariling pamilya ang layunin nito?

d. **Banta –** Anong banta sa pamilyang Pilipino at sa iyong sariling pamilya ang kailangang bigyan ng tuon upang hindi ganap na makaapekto sa pagganap nito ng kaniyang tunay na layunin? Anong pwersa sa loob o sa labas ng pamilya ang maaaring magsilbing balakid sa pagkamit ng pamilya ng tunay nitong layunin?

| **Mga Dahilan** | **Kalakasan *(Strength)*** | **Kahinaan *(Weakness)*** | **Oportunidad *(Opportunity)*** | **Banta *(Threat)*** |
|---|---|---|---|---|
| Ang pamilya ay pamayanan ng mga tao (community of persons) na kung saan ang maayos na paraan ng pag-iral at pamumuhay ay nakabatay sa ugnayan. | Likas na mapagmahal sa pamilya ang mga Pilipino | May mga pagkakataon na labis ang pagnanais ng mga kasapi ng pamilya na maging malap-it sa isa't isa kung kaya hindi natu-turuan ang mga kasapi nito na tuma-yo sa sarili nilang mga paa. | Ang mga gawain sa sa-mahan ay na-katutulong sa pagbuklod ng aming pami-lya. | Ang kahirapan at modernisasyon bunga ng teknolohiya ay bumabawas sa pagkakataon na magkaroon ng malapit na ugnayan ang mga kasapi ng pamilya. |
| | | | | |

# A

Ang pamilya ay itinuturing bilang pinakamaliit na yunit sa isang komunidad. Ito ay karaniwang binubuo ng tatay, nanay at anak. Ang bawat bahagi ng pamilya ay kailangang magkaroon ng pagkakaisa at pagmamahalan upang magkaroon ng respeto sa isa't isa. Ang pamilya ang siyang gumagabay, nagtuturo ng mga mabubuting asal, nagbibigay ng pangangailangan at nagmamahal ng walang kapalit.

Kilala ang pamilyang Pilipino sa pagkalinga sa kanilang mga anak maging sa pag-aaruga ng mga nakatatanda. Katulad ng iba pang pagpapahalaga, ito rin ay itinanim ng mga magulang sa kanilang mga anak. Kumikilos ang bawat isa ng nagtutulungan at nagmamahalan.



Higit na mahalaga ang iyong pamilya sa kahit ano pa mang bagay. Ayon nga kay Michael J. Fox "**Family is not an important thing. It's everything**".

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Basahin at unawain. Isulat ang Tama kung ang nakasaad ay tumutukoy sa wastong konsepto tungkol sa pamilya. Isulat naman ang Mali kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

_____1. Ang ating lipunan ay binubuo ng iba't ibang institusyon o sektor.
_____2. Ang pamilya ay matatawag na pamayanan ng mga tao kung walang pagmamahal.
_____3. Ang pagpapakasal ng dalawang taong nagmamahalan ang nagpapatibay sa isang pamilya.
_____4. Ang pamilya ang orihinal na paaralan ng pagmamahal.
_____5. Ang bawat pamilya ay walang panlipunan at pampolitikal na gampanin.
_____6. Ang bawat kasapi ng pamilya ay may katumbas na halaga.
_____7. Ang isang sanggol na ipinanganganak sa mundo bawat segundo ay nagmumula sa isang pamiilya.
_____8. Ang bawat magulang ay handang mag-aruga ng kanilang anak may kapansanan man ito o wala.
_____9. Ang pamilya ay pinakamahalagang yunit ng lipunan.
_____10. Ang paaralan ang pinaka-epektibong paraan upang gawing makatao at mapagmahal ang lipunan.

WEEKS 3-4

# Pagpapaunlad sa Pag-aaral at Pananampalataya ng Pamilya


## I Aralin

Natutuhan mo sa nakaraang aralin na ang pamilya ay itinuturing bilang pinakamaliit na yunit sa isang komunidad. Ito ay karaniwang binubuo ng tatay, nanay at anak. Ang bawat bahagi ng pamilya ay kailangang magkaroon ng pagkakaisa at pagmamahalan upang magkaroon ng respeto sa isa't-isa. Ang pamilya ay binubuo ang mga unang hakbang sa pagkatao. Ang pamilya ang siyang gumagabay, nagtuturo ng mga mabubuting asal, nagbibigay ng pangangailangan at nagmamahal ng walang kapalit.

Sa araling ito naman, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Nakikilala ang mga gawi o karanasan sa sariling pamilya na nagpapakita ng pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasiya, at paghubog ng pananampalataya
b. Nasusuri ang mga banta sa pamilyang Pilipino sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasiya, at paghubog ng pananampalataya
c. Naisasagawa ang mga angkop na kilos tungo sa pagpapaunlad ng mga gawi sa pag-aaral at pagsasabuhay ng pananampalataya sa pamilya
d. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin.

Tulad ng mga nasa larawan, hamon ng araling ito na umiral ang mga kilos na pagpapaunlad sa pag-aaral at pananampalataya sa loob ng iyong pamilya.



Ang misyon ng pamilya ay napakahalaga sa bawat kasapi nito. Kailangang maisakatuparan ang mga ito upang mapaunlad ang bawat sarili patungong sa maunlad na pamumuhay sa gabay ng pamilya.

Alam mo ba ang misyon ng iyong pamilya? Ginagawa mo ba ang mga ito?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Pag-isipan at ilahad ang mga misyon, layunin o gawain na dapat naisasakatuparan ng inyong pamilya. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Pangalan________

1.________ 2.____

3.____ 4.____ 5.____

## D

Ang misyon ng pamilya ay ang pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa mabuting pagpapasiya, at paghubog ng pananampalataya. Isa ito sa pinakamahalagang dahilan kung bakit tinatawag na likas na institusyon ang pamilya.

**Ang Misyon ng Pamilya sa Pagbibigay ng Edukasyon, Paggabay sa Pagpapasiya, at Paghubog ng Pananampalataya**

Ang pagiging mapanagutan ng mga magulang ay nangangahulugan ng malayang pagganap sa kanilang mga tungkulin kakambal ang pagtanggap sa anomang kahihinatnan ng kanilang mga pagganap at hindi pagganap sa mga ito. Mahalagang may kakayahan silang harapin ang anomang hamon sa lahat ng pagkakataon na ginagabayan ng prinsipyong moral. Mahalaga ring maisapuso nila ang pagkakaroon ng pananagutan sa Diyos, sa kanilang konsiyensiya, at sa lahat ng mga taong ibinigay sa kanila ng Diyos upang paglingkuran at alagaan.

**Pagbibigay ng Edukasyon**

Ang magulang ang ginamit na instrumento ng Diyos upang bigyan ng buhay ang kanilang mga anak. May karapatan at tungkulin ang una upang bigyan ng edukasyon ang huli. Ang karapatan para sa edukasyon ng mga bata ay orihinal at pangunahing karapatan. Hindi magagampanan ng mga magulang ang kanilang tungkulin sa edukasyon ng kanilang mga anak kung hindi sila bibigyan ng karapatan para rito. Katuwang nila ang mga institusyon sa lipunan sa pagkamit nito. Kasama ng pagkakaroon ng karapatan ng mga bata sa edukasyon ay ang karapatan ng mga magulang na sila ay turuan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga magulang ang itinuturing na una at pangunahing guro ng mga anak sa tahanan.

***"Magulang: una at pangunahing guro."***

Pangunahing dapat na ituro ng magulang sa kanilang mga anak ang wastong paggamit ng kalayaan sa mga materyal na bagay. Maaaring isipin na simpleng turo ito ngunit ang turong ito ay magbubunga ng iba pang mga pagpapahalaga tulad ng:

a. **pagtanggap** – dahil sa paghubog sa kakayahang tanggapin ang tao bilang siya at hindi siya susukatin batay sa kung ano ang maaari niyang maibigay,
b. **pagmamahal –** dahil sa paghubog sa kakayahang tanggapin ang isang tao na hindi tumitingin sa kaniyang kakayahan at katangian ay tanda ng malalim na pagmamahal at;
**c.** **katarungan** – dahil nagbubunsod ito upang kilalanin at igalang ang dignidad ng tao.

**Paggabay sa Paggawa ng Mabuting Pagpapasya**

Isa sa mga pangunahing makatutulong upang ang isang tao ay maging matagumpay, masaya, at magkaroon ng kakayahan na makapag-ambag para sa kaunlaran ng lipunan ay ang turuan siya na makagawa ng mabuting pagpapasya at pagkatapos ay bigyan siya ng laya na magpasya para sa kaniyang sarili.

Ang mga pagpapasyang isasagawa ng mga bata hanggang sa kanilang pagtanda ang siyang magdidikta kung anong uri ng tao sila magiging sa hinaharap. Ang mga pagpapasyang ito ay makatutulong upang mataya ang kaniyang kakayahan na maibahagi sa kaniya ang tulong o paggabay na kaniyang kailangan.

**Paghubog ng Pananampalataya**

Kailan ka huling nagsimba o sumamba kasama ang iyong pamilya? Kailan ang huling pagkakataon na sama-sama kayong kumain at nagbigay ng pasasalamat dahil sa mga biyayang inyong tinanggap bilang pamilya? Siguro, madalas walang pagkakataon, abala ang lahat. Maging ikaw abala rin. Pero napansin mo ba na kapag hindi sama-sama, parang may kulang?

Sabi ni Stephen Covey sa kaniyang aklat na **Seven Habits of Highly Effective Families**, may mga pag-aaral na nagpapatunay na ang pakikibahagi ng isang tao sa mga gawaing pangrelihiyon ay mahalaga upang magkaroon ng pangkaisipa pandamdaming kalusugan at katatagan. Ito rin ay nakapagpapatibay ng pagsasamahan ng pamilya.

***"Pamilya: orihinal na paaralan."***

Narito ang ilan sa mga pamamaraan na maaaring makatulong sa iyo at sa iyong pamilya.

**1. Tanggapin na ang Diyos ang dapat maging sentro ng buhay-pampamilya.**

Mahalagang tanggapin at yakapin ng lahat ng kasapi ng pamilya na ang Diyos at ang tunay na pananampalataya sa Kaniya ang makapagbibigay ng katiwasayan sa pamilya at sa ugnayan ng mga kasapi nito.

**2. Ituon ang pansin sa pag-unawa.**

Ang pakikinig sa panalangin o sa nilalaman ng mga aklat tungkol sa pananampalataya (hal. Qu'ran sa mga Muslim at Bibliya sa mga Kristiyano) ay hindi sapat kahit pa ang pagmemorya sa nilalaman nito. Makabubuting maipaunawa sa anak ang halaga nito para sa kaniyang buhay.

**3. Hayaang maranasan ang tunay at malalim nitong mensahe.**

Hindi natin malilimutan ang mga karanasan na nagkaroon ng malalim na epekto sa ating pagkatao. Mas magiging malalim ang mensaheng maibibigay ng aral ng pananampalataya kung ito ay mararanasan sa pang-araw-araw na buhay.

**4. Gamitin ang mga pagkakataon na handa ang bawat kasapi ng pamilya na makinig at matuto.**

Ang paghubog sa tao sa pananampalataya ay hindi dapat ipinipilit. Kapag ginawa ito, lalong lalayo ang loob ng kasapi ng pamilya.

**5. Tulungan ang bawat kasapi upang maitanim sa kanilang isipan ang mga itinuturo tungkol sa pananampalataya. Mabilis makalimot ang tao.**

Mahalagang maisagawa ang pagtuturo nang paulit-ulit upang ito ay tumanim nang malalim sa kanilang puso at isipan.

**6. Iwasan ang pag-aalok ng "suhol."**

Mahalaga na matulungan ang mga kasapi ng pamilya na gawin ang pagsisimba o pagsamba at pagdarasal nang kusang-loob at buong-puso. Sa ganitong pagkakataon lamang ito magkakaroon ng lalim para sa kanila.

**7. Ipadanas ang pananampalataya nang may kagalakan.**

Mas masaya, mas hindi malilimutan. Ito ang mahalagang tandaan kung magtuturo tungkol sa pananampalataya. Tiyakin na lilikha ng mga pagkakataon na magiging masaya ang kasapi ng pamilya na matuto.

## E

May mga napulot ka bang bagong kaalaman at pag-unawa sa iyong mga nabasa? Anong mga mahahalagang impormasyon ang naikintal sa iyo?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Isulat ang mahahalagang impormasyong iyong nakalap tungkol sa mga dapat gampanan ng pamilya sa bawat kolum na nakalagay sa ibaba. Magbasa gamit ang ibang mga aklat o **source** at dagdagan ang listahan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| Tungkulin ng Pamilya | Sa Edukasyon | Sa paghubog ng pananampalataya | Paggabay sa pagpapasya |
|---|---|---|---|
| | 1. | 1. | 1. |
| | 2. | 2. | 2. |
| | 3. | 3. | 3. |
| | 4. | 4. | 4. |
| | 5. | 5. | 5. |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Pumili ng isang simbolo na kakatawan sa tungkulin ng pamilya. Iguhit ito o gumupit ng larawan. Ibigay ang impormasyong hinihingi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Katawagan sa simbolo o larawang napili
2. Paliwanag kung paano nito naipakikita ang kaugnayan sa napiling tungkulin

| **Ang Napili Kong Simbolo** |
|---|
| |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Pagtuunan ng pansin ang inyong pamilya. Pag-isipan kung paano umiiral ang pagtupad sa tungkulin sa edukasyon, pagpapasiya at pananampalataya. Sumulat ng isang sanaysay ukol dito. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Bumuo ng isang maikling sanaysay na naglalaman ng mga kaisipan hinggil sa kahalagahan ng misyon ng pamilya at pagtugon nito na inaasahan mula sa iyo.




Ang Aming Misyon Bilang Isang Pamilya sa Aspektong Edukasyon, Pagpapasya at Pananampalalataya.

Hindi madali ang mga nararanasan nating pagganap sa mga tungkulin ng pamilya para sa mga kasapi nito. Lalo na iyong tatlong bagay na napag-usapan sa nakaraang pahina. Ano ano ang mga banta sa pamilyang Pilipino sa sumusunod na gampanin?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Punuan ang mga hanay sa ibaba ayon sa hinihingi. Gamiting gabay ang ibinigay na halimbawa. Gawin ito sa iyong

Magtala ng mga banta sa pamilyang Pilipino sa mga sumusunod:

1. Pagbibigay ng edukasyon
2. Paggabay sa paggawa ng mabuting pasya
3. Paghubog ng pananampalataya

| **Mga banta sa Pamilyang Pilipino** | **Paano ito Malalampasan** | **Ano ang magiging bunga nito sa Pamilyang Pilipino** |
|---|---|---|
| Hal. Dahil sa kahirapan ay napipilitan maghanapbuhay ang ama at ina kaya nababawasan ang kanilang panahon sa pagbabantay ng kanilang mga anak at sa pagtuturo sa kanila ng mga mabuting asal. | Magtulong-tulong ang lahat ng kasapi ng pamilya upang matulungan ang mga magulang sa kanilang mga gampanin sa pagtuturo sa mga anak, lalo na ang mga nakatatandang miyembro ng pamilya. | Magiging mulat ang lahat ng kasapi na mahalagang gampanan nila ang kanilang mga tungkulin sa pamilya upang mapunan ang pagkukulang ng mga magulang bunga ng kanilang pagsasakripisyo para matugunan ang pangunahing pangangailangan ng pamilya. |
| 1. **Pagbibigay ng Edukasyon** | | |
| Sagot : | | |
| 2. **Paggabay sa Paggawa ng Mabuting Pasiya** | | |
| Sagot : | | |
| 3. **Paghubog ng Pananampalataya** | | |
| Sagot : | | |

# A

Hindi lahat ng pamilya ay may parehong pagpapahalaga sa edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog ng pananampalataya.



Ma-suwerte ka sapagkat ikaw ay nakapag-aaral. Dahil dito, marami kang matutuklasang kaalaman na magagamit mo sa kasalukuyan at hinaharap. Kung sa tingin mo naman ay hindi pa lubos na naisasagawa ang mga tungkuling ito sa inyong pamilya, huwag mag-alala. Hindi pa huli ang lahat. Maaari kang maging kasangkapan o instrumento sa pagkakaroon nito.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Basahin at unawain. Isulat ang Tama kung ang nakasaad ay wasto ayon sa nakasaad sa araling ito. Isulat naman ang Mali kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

_____1. Ang bawat anak ay regalo ng Diyos.

_____2. Ang karapatan para sa edukasyon ng mga bata ay orihinal at pangunahing karapatan.

_____3. Ang tungkulin ng mga magulang sa kanilang mga anak ay hindi nagtatapos sa pagbibigay sa kanila ng makakain, maiinom, maisusuot, at matitirahan o sa paghahanda sa kanila para magkaroon ng magandang trabaho sa hinaharap.

_____4. Ang mga institusyon sa lipunan ang katuwang ng mga magulang upang makamit ang edukasyon.

_____5. Ang mga magulang ay may karapatang turuan ang mga bata sa edukasyon.

_____6. Ang kalayaan ng bawat bata sa paggamit ng materyal na bagay ay natutuklasan lamang sa paraang alam nila.

_____7. Ang mga pagpapasyang isasagawa ng bata hanggang sa kaniyang pagtanda ang siyang magdidikta kung anong uri ng tao siya magiging sa hinaharap at sa kung anong landas ang kaniyang pipiliing tatahakin.

_____8. Ang pagsisisi ay bunga ng maling pagpili.

_____9. Ang mga isang kabataan ay hindi mahaharap sa mga mabibigat na suliranin sa paglipas ng panahon.

_____10. Ang pagkakaroon ng kakayahan sa mabuting pagpapasya ay bunga ng karunungan at pagpapahalagang naitanim ng mga magulang sa kanilang mga anak mula noong sila ay bata pa lamang.

WEEKS 5-6

# Pagpapaunlad ng Komunikasyon sa Pamilya

I

Aralin



Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkulin ng pamilya sa pagkakaroon ng edukasyon at paghubog ng pananampalataya.

Ngayon, tutukuyin mo ang mga karanasan sa sariling pamilya o naobserbahan na bunga ng pagkakaroon o kawalan ng bukas na komunikasyon. Bahagi nito ang mga hakbangin upang mapagbuti at mapaunlad ang iba't-ibang aspekto ng komunikasyon sa pamilya. Tulad ng mga nasa larawan, iaangkop mo ang sariling mga karanasan na nagpapakita ng pagkakaroon ng bukas na komunikasyon.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang malilinang sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Natutukoy ang mga gawain o karanasan sa sariling pamilya o pamilyang nakasama, namasid, o napanood na nagpapatunay ng pagkakaroon o kawalan ng bukas na komunikasyon;
b. Nabibigyang-puna ang uri ng komunikasyon na umiiral sa isang pamilyang nakasama, namasid, o napanood;
c. Naisasagawa ang mga angkop na kilos tungo sa pagkakaroon at pagpapaunlad ng komunikasyon sa pamilya;
d. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin ang bawat aytem sa talaan. Magpasya kung gaano ito kahalaga sa iyo sa pamamagitan ng paggamit ng eskala o batayan sa ibaba. Ipaliwanag ang dahilan ng prayoridad o pagpapahalagang itinalaga o ibinigay mo sa bawat aytem/aspekto. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

3 - Mahalagang magawa ko ito kaagad.

2 - Mahalaga ngunit hindi ko kinakailangang magawa ito kaagad.

1 - Hindi gaanong mahalaga sa akin sa ngayon o kasalukuyan.

| Aspektong Personal na Nais Mapaunlad | Gaano ito kahalaga? | Dahilan ng priyoridad o pagpapahalagang itinalaga |
|---|---|---|
| Pagkakaroon ng sapat na unawaan sa pamilya | | |
| Pagtitiwala sa sariling pamilya | | |
| Pagtupad sa ibat't-ibang tungkulin bilang kabataan | | |
| Pakikinig ng mabuti sa mga magulang | | |
| Pagsunod sa mga bilin at kautusan ng mga magulang | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Suriin ang iyong mga kasagutan sa gawain. Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang mga aspektong binigyan mo ng mataas na priyoridad? Bakit?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Anong mga aspektong ang binigyan mo ng mababang priyoridad? Bakit?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Sa paanong paraan nakatulong sa iyo ang gawaing ito? Ipaliwanag.


______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Tukuyin kung ang bawat larawan ay uri ng komunikasyon o hindi. Lagyan ng tsek (/) kung Oo at ekis (X) naman kung Hindi. Lagyan naman ng tama ang huling hanay kung ang ipinakikita ay mabuting halimbawa ng komunikasyon at Mali naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.


1



2



3



4



5



| KOMUNIKASYON O HINDI | TAMA O MALI |
|---|---|
| 1._____ | _____ |
| 2._____ | _____ |
| 3._____ | _____ |
| 4._____ | _____ |
| 5._____ | _____ |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sagutin ang mga tanong sa ibaba gamit ang mga larawan sa itaas bilang batayan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang ipinakikita sa mga larawan?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

2. Ano ang mga suliranin sa komunikasyon at dahilan ng pagkakaroon nito?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

3. Ano-ano ang maaaring solusyon upang malampasan ang mga suliraning ito sa komunikasyon? Tukuyin ang mga ito at ipaliwanag.

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

D

**Bukas na Komunikasyon at Pagpapaunlad nito**

Isang mahalagang kasanayan na dapat mong matutuhan sa pagbuo at pagpapanatili ng iyong uganayan sa iyong pamilya ang epektibong paggamit ng komunikasyon. Marapat na matutuhan at sanayin sa loob ng pamilya ang uri ng komunikasyong magpapaunlad sa pagkatao sapagkat ito ang magpapatatag dito.

**Kahulugan ng Komunikasyon**

Ang komunikasyon ay anomang senyas o simbulo na ginagamit ng tao upang ipahayag ang kanyang iniisip at pinahahalagahan, kabilang dito ang wika, kilos, tono, ng boses, katayuan, uri ng pamumuhay, at mga gawa.

Ang komunikasyon ay isang proseso ng pakikipag-usap at pakikinig sa ibang tao; pagbabahagi sa mga naiisip at nararamdaman; pakikinig sa sinasabi ng nagsasalita at pagbibigay reaksiyon sa mensaheng napakinggan.

***"komunikasyon sa pamilya: susi sa unawaan."***

**Komunikasyon sa Pamilya**

Bakit may mga pagkakataon na hindi mo naiintindihan ang iyong mga magulang o kapatid? Bakit nagtatalo-talo ang mga kasapi ng iyong pamilya? May solusyon ba sa suliraning ito na maari mong gawin?

Ang komunikasyon sa pamilya ay paraan kung paano nagpapalitan ng pasalita at di-pasalitang impormasyon sa pagitan ng kasapi nito. Sa pamamagitan ng komunikasyon, naipapahayag ng mga kasapi ng pamilya ang kanilang mga pangangailangan, ninanais at ang kanilang pagmamalasakit sa isa't-isa. Ito ang daan tungo sa pagkakaunawaan ng lahat.

Ang hindi maayos na komunikasyon ay maaring maging sanhi ng madalas na pagtatalo ng pamilya, kakulangan sa kakayahang malutas ang suliranin, paglalayo ng loob sa isa't-isa at mahinang pagbibigkis ng mga kasapi nito.

**Mga Susi sa Epektibong Komunikasyon sa Pamilya**

Naranasan mo na ba kung gaano kahirap ang magpahayag ng mga bagay na gusto mong sabihin subalit hindi maintindihan ng iyong pamilya? Paano mo ipinapahayag ang gusto mong sabihin sa iyong pamilya? Narito ang sa ilang mungkahi sa pagbubuo ng epektibong komunikasyon ng pamilya.

Ayon kay Peterson (2009), maaaring paghusayin ng mga pamilya ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon sa pamamagitan ng mga sumusunod:

**Makipag-usap nang madalas**

Gaano kadalas kayong nagsasalo sa hapag kainan? Kayo ba ay nag-uusap tungkol sa mga nangyari sa araw na iyon?

- isara ang TV at sama-samang kumain
- mag-iskedyul ng impormal o pormal na mga miting ng pamilya para pag-usapan ang mahahalagang isyu na nakakaapekto sa iyong pamilya
- kausapin ang miyembro ng iyong pamilya bago matulog

**Makipag-usap nang malinaw at tuwiran**

Ipabatid ang iniisip at nadarama sa malinaw at tuwirang paraan. Mahalaga ito lalo na kapag sinusubok na lutasin ang mga problemang nagmumula sa lahat ng miyembro ng pamilya.

**Maging Aktibong Tagapakinig**

May naaalala ka bang panahon na mali ang napakinggan o hindi ka nakinig at ito ang naging dahilan ng alitan?

Ang pinakapayak na proseso ng komunikasyon ay ang pakikinig subalit pinakamahirap gawin.

***"pakikinig: payak ngunit mahirap gawin"***

Madali ang magpanggap na ikaw ay nakikinig sa iyong kausap sapagkat nariyan ang iyong pisikal na pangangatawan subalit mahirap sabihin na ang iyong kaisipan ay nariyan at nakikinig (Punsalan, 1999)

Ang pagiging aktibong tagapakinig ay kinapapalooban ng pagsisikap ninyong kilalanin at igalang ang pananaw ng ibang tao. Ang patango ay nagpapahiwatig na pagmamalasakit sa sinsaabi Ang pagtatanong ng, "Ano ang ibig mong sabihin?" o "tama ba ang pagkaunawa ko sa iyo?" ay paghahanap ng paglilinaw kung hindi nauunawaan ang sinasabi ng miyembro ng pamilya.

**Makipag-usap nang tapat at bukas ang isipan**

Ang pagiging bukas at tapat ang bawat miyembro ng pamilya ay magtatakda ng yugto ng pagtitiwala. Kung walang tiwala, hindi magkakaroon ng matatag na ugnayan ang pamilya.

**Bigyang pansin ang mga pakilos (non-verbal) na mensahe**

Ibigay ang buong atensyon sa sinsabi, sa kanyang itsura habang siya'y nagsasalita tulad kanyang mukha at pag-iiba ng kanyang boses. (Punsalan, 1999)

## E

Umiiral ba ang bukas na panahon sa iyong pamilya? Paano mo ito nasabi? Kung hindi, ano ang naiisip mong paraan upang magkaroon nito? Bilang kasapi ng pamilya, naipakikita mo ba ang mga katangian ng isang epektibong komunikasyon?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Gamit ang tapat na pagtatasa ng sarili, lagyan ng tsek (/) ang hanay na ayon sa iyong kilos. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| MGA KATANGIAN | OO | HINDI |
|---|---|---|
| Madalas akong nakikipag-usap. | | |
| Malinaw at tuwiran akong nakikipag-usap. | | |
| Aktibo akong nakikinig. | | |
| Tapat at bukas ang aking isipan sa pakikinig. | | |
| Binibigyang-pansin ko ang mga pakilos na mensahe. | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Gamit ang tapat na pagtatasa ng mga kasapi ng pamilya, lagyan ng tsek (/) ang hanay na ayon sa kanilang kilos. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| MGA KATANGIAN | OO | HINDI |
|---|---|---|
| Madalas akong nakikipag-usap. | | |
| Malinaw at tuwiran akong nakikipag-usap. | | |
| Aktibo akong nakikinig. | | |
| Tapat at bukas ang aking isipan sa pakikinig. | | |
| Binibigyang-pansin ko ang mga pakilos na mensahe. | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Pagkumparahin ang mga kasagutan. Isulat ang mga katangiang minarkahan sa hanay ng Hindi. Ilahad ang gagawin upang magawa ito. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| KATANGIANG HINDI NAGAGAWA | GAGAWIN UPANG MAIPAKITA ITO |
|---|---|
| | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Punuan ang tsart ayon sa hinihingi ng bawat sitwasyon. Suriin ang mga suliranin sa komunikasyon na kinakaharap ng pamilyang Pilipino sa makabagong panahon. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| MGA SITWASYON | URI NG KOMUNIKASYON NA NAGAGAWA | KALAGAYAN NG UGNAYAN | HAKBANG UPANG MAPABUTI ANG UGNAYAN |
|---|---|---|---|
| 1. Mga magulang na parehong nagtatrabaho at ang mga anak ay naiiwan sa mga katulong. | | | |
| 2. Ang isa sa mga magulang ay nagtatrabaho sa ibang bansa at ang mga anak ay nakatirang kasama ang isa sa mga magulang at iba pang kamag-anak. | | | |
| 3. Ang parehong magulang ay nagtatrabaho sa ibang bansa at ang mga anak ay nakatira sa mga kamag-anak. | | | |
| 4. Ang mga magulang ay parehong walang trabaho, binibigyan ng sustento ng mga kamag-anak. | | | |

## A

Ang pagbalangkas ng pag-unawa sa komunikasyon ng pamilya ay isang mabisang paraan upang masimulan ang pagpapaunlad nito. Ito ay nagsisilbing gabay o direksiyon upang maisakatuparan mo ang iyong naisin na maging mabuting anak. Ang pagkakaroon ng komunikasyon sa pamilya at mga hakbangin ay makatutulong upang mapagbuti at mapaunlad ang iba't-ibang aspekto nito.

Bilang anak at kasapi ng pamilya, huwag hayaang mawala, maputol o maging bihira ang pakikipag-usap upang patuloy na maging malapit sa isa't isa. Mas higit din kayong makakapagtulungan kung kayo ay nagkakaunawaan.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 9:** Isulat kung ang kilos na nakasaad ay angkop o di-angkop sa pagpapaunlad ng komunikasyon sa pamilya at kapwa. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

_____1. Ang pagsasalita nang may paggalang sa kausap.

_____2. Gumagamit ng gestures o di-pasalita sa pakikipag-ugnayan na makikitaan ng pagkainis at pagkayamot.

_____3. Habang nakikipagtalastasan sa virtual o internet ay maingat pa rin sa mga salitang binibitiwan.

_____4. May integridad at katapatan sa mga sinasabi sa kausap

_____5. Ang mga salita o pangako ay may katotohanan at hindi nagsisinungaling.

_____6. Hindi binibigyang halaga ang sinasabi ng kausap, abala sa ibang gawain.

_____7. May sapat na sinseridad sa pinag-uusapan at kausap

_____8. Kung gumagamit ng mga senyas, ito ay hindi nakawawala ng galang sa kausap.

_____9. Kahit nagsasalita ang kausap ay pilit na isinisingit ang maling katuwiran.

_____10. Malinaw ang pagpapahayag sa media ng mga nais iparating sa madla.


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 10:** Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong natutuhan sa araling ito. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ito ay anomang senyas o simbulo na ginagamit ng tao upang ipahayag ang kanyang iniisip at pinahahalagahan.
   A. komunikasyon B. pananalita C. kaisipan D. pagpapahalaga
2. Ang kawalan ng bukas na komunikasyon ay maaring magdulot ng _____
   A. madalas na pagtatalo at paglalayo ng loob sa isa't-isa
   B. kakulangan sa kakayahang malutas ang suliranin
   C. mahinang pagkakabigkis ng mga kasapi nito
   D. lahat ng nabanggit
3. Ang mga sumusunod ay susi sa epektibong komunikasyon, MALIBAN sa _____
   A. makipag-usap nang madalas C. makipag-usap nang malinaw
   B. pasalitang mensahe ang tuon D. maging aktibong tagapakinig
4. Nagaganap ang bukas na komunikasyon sa iyong pamilya kung _____
   A. walang pakialam sa isa't isa C. pakiramdaman lamang
   B. magulang lamang ang nagsasalita D. nag-uusap ang mga kasapi
5. Makatutulong ka sa pagkakaroon ng bukas na komunikasyon kung _____
   A. sasali sa mga usapan C. mananahimik kahit tinatanong
   B. uunahing kausapin ang iba D. magmamasid sa mga kasapi

# Pagkilos Panlipunan at Pampolitikal ng Pamilya

I

Aralin




Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang mga dulot ng pagkakaroon at kawalan ng komunikasyon sa loob ng pamilya. Nagawa mo rin ang mga angkop na kilos sa pagkakaroon at pagpapaunlad ng komunikasyon sa pamilya.

Ngayon ay matututuhan mo ang papel na pampolitikal at papel na panlipunan na dapat gampanan ng pamilya. Makikita sa mga larawan sa itaas ang ilang halimbawa sa pagsasagawa ng mga tungkulin sa pamayanan na makakaya mong gawin at ng iyong pamilya.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang natutukoy mo ang mga gawain o karanasan sa sariling pamilya na nagpapakita ng pagtulong sa kapitbahay o pamayanan (papel na panlipunan) at pagbabantay sa mga batas at institusyong panlipunan (papel pampolitikal). Nasusuri mo rin ang isang halimbawa ng pamilyang ginagampanan ang panlipunan at pampolitikal na papel nito. Nahihinuha mo na dapat na may pananagutan ang pamilya sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan sa pamamagitan ng pagtulong sa kapwa.

Sa huli, inaasahang naisasagawa mo ang isang gawaing angkop sa panlipunan at pampolitikal na papel ng pamilya. Habang hindi mo pa ito maisasakatuparan dahil sa restriksiyon kaakibat ng pandemya, maaaring gumawa ka muna ng plano tungkol sa isang proyektong makatutulong sa iba.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Ayusin ang ginulong mga letra upang makabuo ng salitang may kinalaman sa paksa. Gamitin ang deskripsyon upang matukoy ang tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. uBks-laapda _______________ - kahandaang magbigay tulong sa iba
2. nahinayaB _______________ - pagbabahaginan, pagtutulungan
3. anlipuPnan _______________ - pampamayanan
4. Paiikgkapwakpa _______________ - pakikisama, pakikihalubilo sa iba
5. amsa-aaSm _______________ - walang naiiwan, lahat kabilang

## D

Tungkulin ng pamilya na panatilihin at paunlarin ang lipunang kanyang ginagalawan. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagtupad sa kanyang papel sa lipunan.

**Ang Papel ng Pamilya sa Lipunan**

***"iwaksi ang pagiging makasarili."***

Sa loob ng pamilya natutuhan ng tao na iwaksi ang pagiging makasarili at magsakripisyo alang-alang sa kapwa. Dito niya natutunan na ang pagkawang-gawa ay katumbas ng pagmamahal na ang paglilingkod sa kapwa ay kinakailangan upang mabilang sa kapatiran ng tao.

Ang pananagutang ng pamilya sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan ay maipapakita sa pamamagitan ng mga gawaing panlipunan. Ang ilan sa mga maaring gawin ay:

- makilahok sa mg samahan na boluntaryong naglilingkod sa pamayanan
- tumulong sa kapus-palad
- tumulong sa mga nangangailangang hindi naabot ng tulong ng pamahalaan.

Isang halimbawa ay pagbubukas ng tahanan para sa naapektuhan ng pagbaha at sakuna. Sikaping maging pantay ang turing sa lahat ng tao anuman ang kalagayan nito magsulong o makibahagi sa mga proyektong nangangalaga sa kalikasan.

Ang pagiging-bukas palad ay maipakikita ng pamilya sa pamamagitan ng mga gawaing panlipunan. Ang pagtulong ng pamilya sa pamayanan ay paraan upang maisabuhay ang mga pagpapahalaga at birtud na itinuturo at natututuhan sa loob ng tahanan. Ang pagbabayanihan ay hindi na bago sa mga Pilipino. Isa ito sa ipinagmamalaki nating pagpapahalagang Pilipino. Ito ay isa sa ipinagmamalaki nating katangiang Pilipino ang magiliw na pagtanggap lalo sa mga panauhin.

"Ang tao ay hindi lamang binubuo ng katawan at ispiritu…siya ay isang panlipunang nilalang, likas na kaugnay ng iba pang tao, hindi siya ipanganganak o mananatiling buhay kundi sa pamamagitan ng ibang tao. Ang pakikipagniig sa ibang tao ay bahagi ng kaniyang pagiging tao." (Sheen, isinalin mula sa Education in Values: What, Why and For Whom ni Esteban, 1990).

Hindi sapat na panatilihin lamang sa loob ng pamilya ang pagiging bukas-palad. Kailangang maibahagi ito sa iba sa pamamagitan ng pakikipa-kapwa tao at pagtulong lalong higut sa mga nangangailangan. Isang hamon ang iwaksi ang pampamilyang kapakanan para sa ikabubuti ng iba. Ito ang isa sa paraan ng pagganap ng pamilya sa panlipunang tungkulin nito.

***"Ang tao ay panlipunang nilalang."***

**Ang Papel na Pampolikal ng Pamilya**

Ang papel na panlipunan ng pamilya ay dapat ding maipahayag sa pamamagitan ng pakikialam sa politika. Kalakip nito ay dapat na alam din ng pamilya ang mga natural at legal na karapatan nito.

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga magagandang katangian at pagpapahalaga na taglay ng Pamilyang Pilipino:

- Pagkakabuklod ng pamilya
- Mabuting pagsasamahan at pagsusunuran
- Pagkakaunawaan at paggalang sa bawat isa
- Pagtulong ng panganay sa pagpapaaral sa ibang kapatid
- Pag-uusap ng mag-anak kapag may suliraning pampamilya
- Pagsangguni ng anak sa magulang at pakikinig sa payo


Dapat pag-ibayuhin ng bawat pamilya ang pangangalaga at pagbabantay sa mga karapatan at tungkulin nito dahil maraming banta sa integridad ng pamilya sa makabagong panahon.

Basahin ang mga karapatang kailangang pangalagaan ng bawat pamilya.

**Karapatan ng Pamilya**

1. Ang karapatang umiral at magpatuloy bilang pamilya o ang karapatan ng lahat ng tao, mayaman man o mahirap, na magtatag ng pamilya at magkaroon ng sapat na panustos sa mga pangangailangan nito.
2. Ang karapatang isakatuparan ang kaniyangpananagutan sa pagpapalaganap ng buhay at pagtuturo sa mga anak.
3. Ang karapatan sa pagiging pribado ng buhay mag-asawa at buhay pamilya.
4. Ang karapatan sa pagkakaroon ng katatagan ng bigkis at ng institusyon ng kasal.
5. Ang karapatan sa paniniwala at pagpapahayag ng pananampalataya at pagpapalaganap nito.
6. Ang karapatang palakihin ang mga anak ayon sa mga tradisyon, pananampalataya, at pagpapahalaga at kultura sa pamamagitan ng mga kailangang kagamitan, pamamaraan,at institusyon.
7. Ang karapatan, lalo na ng mga may sakit, na magtamo ng pisikal, panlipunan, pampolitikal, at pang-ekonomiyang seguridad.





8. Ang karapatan sa tahanan o tirahang angkop sa maayos na buhay pamilya.
9. Ang karapatan upang makapagpahayag at katawanin (ng mambabatas o asosasyon), sa harap ng mga namamahala o namumuno kaugnay ng mga usaping pang-ekonomiya, panlipunan, o kultural.
10. Ang karapatang magbuo ng asosasyon kasama ang ibang mgapamilya at ] samahan, upang magampanan ng pamilya ang mga tungkulin nito ng mas karapat-dapat at madali.
11. Ang karapatang mapangalagaan ang mga kabataan, sa pamamagitan ng mga institusyon at batas, laban sa mapanirang droga, pornograpiya, alkoholismo, at iba pa.
12. Ang karapatan sa kapaki-pakinabang na paglilibang, iyong nakatutulong sa pagpapatatag ng mga pagpapahalagang pampamilya.
13. Ang karapatan ng mga matatanda sa karapat-dapat na pamumuhay at kamatayan.

E

Alam mo na ngayon ang mga pananagutan at papel na dapat nating gampanan sa ating lipunan. Natutuhan mo rin ang mga panlipunang papel at pampolitikal na papel na dapat mong maisakatuparan. Pag-usapan naman natin ang iyong sarili kung paano mo naisasagawa ang mga ito.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**: Gumawa ng talaan ng mga papel na nagagampanan mo sa simple at kayang mga pamamaraan na nagpapakita ng pagmamalasakit at pagmamahal. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| Nagagawa ko sa Pagbuo ng Mapagmahal at Mapanagutang Pamayanan | | | |
|---|---|---|---|
| Pagiging Bukas-palad | Pagsusulong ng Bayanihan | Pangangalaga sa kapaligiran | Pampolitikal/ Panlipunan |
| Pagbibigay ng tulong sa na-salanta ng kalami-dad | Pakikiisa sa mga gawaing pansibiko tulad ng pagsama sa mga outreach program | Paghihiwalay ng mga basurang nabubulok at di nabubulok | Pagsunod sa mga itinakdang batas |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**: Gumawa ng poster pa tungkol sa pananagutan ng pamilya sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan sa pamamagitan ng pagtulong sa kapitbahay o pamayanan (papel na panlipunan) at pagbabantay sa mga batas at institusyong panlipunan (papel na pampolitikal). Gawin ito sa iyong kuwaderno.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**: Makipag-ugnayan sa mga kamag-aaral kung may paraan maliban sa paglabas ng bahay. Kausapin din ang mga kasapi ng pamilya upang magplano ng isang proyekto na makatutulong sa pamayanan na maaari mong maisagawa kapag ligtas ng lumabas.  Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| **Proyektong Pampamayanan ng Aking Pamilya** |
| --- |
| |

Tagubilin:

1. Tukuyin kung ano ang proyektong ito, sino sino ang makikinabang at ang iba pang mahahalagang detalye.
2. Ipaliwanag kung bakit ito ang proyektong napili mo at ano ang tulong na maihahatid sa iba.
3. Tukuyin ang mga makakasama mo sa pagsasagawa nito at anong papel ang gagampanan nila sa gawaing ito.

## A

Laging isaisip ang tungkulin ng pamilya sa iyong kapwa at lipunan. Mahalagang makilahok ka sa anomang proyekto ng mga institusyong kinabibilangan dahil ito ang susi sa maayos na samahan at pagmamahalan.

Mas makapamumuhay ka nang maayos at maunlad kung nagagampanan mo ang ating tungkulin na makapagdudulot ng mabuting impluwensya sa sarili at sa iba.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Basahin at unawain. Isulat ang Tama kung ang nakasaad ay tumutukoy sa wastong konsepto tungkol sa karapatan at pananagutan ng pamilya. Isulat naman ang Mali kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

_____1. Ang karapatan sa tahanan o tirahang angkop sa maayos na buhay pamilya.

_____2. Ang pagiging labis na makapamilya ay katumbas din ng pagiging makasarili.

_____3. Ang karapatang hindi magbuo ng asosasyon kasama ang ibang mga pamilya at samahan, upang magampanan ng pamilya ang mga tungkulin n ito ng mas karapat-dapat at madali.

_____4. Ang karapatang isakatuparan ang kaniyang pananagutan sa pagpapalaganap ng buhay at pagtuturo sa mga anak .

_____5. Ang masamang ugaling nagdudulot ng isang magandang pamilya.

_____6. Ang pagmamahal ang susi sa bawat problema upang ito ay masulosyunan.

_____7. May karapatan ang bawat isa ano man ang lahi at kulay.

_____8. May pagkakaiba man tayong lahat, nagbubuklod pa din sa atin ang kabutihan sa ating puso

_____9. Sa loob ng pamilya dapat natututuhan ng tao na iwaksi ang pagiging makasarili at magsakripisyo alang-alang sa kapwa alang-alang sa ikabubuti ng lahat.

_____10. Ang lipunan ang sakit ng mga pulitiko.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Tukuyin ang mga sumusunod na pahayag. Piliin sa loob ng kahon ang sagot. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

_____1. Papel na ginagampanan ng pamilya na dapat makapagpahayag ng malasakit at pagmamahal sa kapwa

_____2. Tungkulin na makasunod tayo sa batas ng lipunan dahil ang mga ito ay para sa kaayusan at katiwasayan ng lahat

_____3. Ang pagtulong sa mga nasunugan at nabahaan ay pagpapakita na tayo ay may ugaling…

_____4. Nakikiisa at nakikilahok sa anumang proyeko sa pamayanan bilang tanda ng iyong pagtugon sa pananagutan bilang isang mabuting kapwa.

_____5. Ang paghihiwalay mo ng iyong mga basura sa tahanan ay tanda ng iyong malasakit at pangangalaga sa ating kapaligiran.

| | |
|---|---|
| A. Pagmamahal sa Kalikasan | D. Bayanihan |
| B. Bukas-palad | E. Panlipunan |
| C. Politikal | F. Pagkukusa |

# Susi sa Pagwawasto

## Weeks 1-2

**I**

**Susi sa pagwawasto 3**

| | |
|---|---|
| 1. Tama | 6. Tama |
| 2. Mali | 7. Tama |
| 3. Tama | 8. Tama |
| 4. Tama | 9. Tama |
| 5. Mali | 10. Mali |

**A**

**Susi sa pagwawasto 9**

| | |
|---|---|
| 1. Tama | 6. Tama |
| 2. Mali | 7. Tama |
| 3. Tama | 8. Tama |
| 4. Tama | 9. Tama |
| 5. Mali | 10. Mali |

## Weeks 3-4

**A**

**Susi sa pagwawasto 7**

| | |
|---|---|
| 1. Tama | 6. Mali |
| 2. Tama | 7. Tama |
| 3. Tama | 8. Tama |
| 4. Tama | 9. Mali |
| 5. Tama | 10. Tama |

## Weeks 5-6

**I**

**Susi sa pagwawasto 3**

1. / Mali
2. / Tama
3. / Tama
4. / Tama
5. / Mali

**A**

**Susi sa pagwawasto 9**

Angkop: 1, 3, 4, 5, 7, 8, 10

Di-angkop: 2, 6, 9

**Susi sa pagwawasto 10**

1. A
2. D
3. B
4. D
5. A

## Weeks 7-8

**I**

**Susi sa pagwasto 1**

1. Bukas-palad
2. Bayanihan
3. Panlupunan
4. Pakikipagkap-wa
5. Sama-sama

**A**

**Susi sa pagwawasto 5**

| | |
|---|---|
| 1. Tama | 6. Tama |
| 2. Tama | 7. Tama |
| 3. Mali | 8. Tama |
| 4. Tama | 9. Tama |
| 5. Mali | 10. Mali |

**Susi sa pagwawasto 6**

1. E
2. C
3. B
4. D
5. A

# Sanggunian


Alejo, P. (2004). Values guisado: Learning to love, loving to learn values. Mandaluyong City: Sibs Publishing House, Inc.

Bognot, R. (2013). Edukasyon sa Pagpapakatao 8: Modyul para sa mag-aaral. Kagawaran ng

Edukasyon: Pasig City

Department of Education. 2013. K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao Learner's Material for Grade 8.

Department of Education. 2016. "K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Pangkurikulum." *lrmds.deped.gov.ph.* Accessed April 2, 2020. https://lrmds.deped.gov.ph/detail/5451.

Department of Education. 2020. Most Essential Learning Competencies in Edukasyon sa Pagpapakatao.

Department of Education. 2020. Revised MELC sa Edukasyon sa Pagpapakatao. RM 306, s. 2020 Corrigendum to the Enclosures in Regional Order No. 10, s. 2020, Re: Implementing Guidelines on the Implementation of MELC PIVOT 4A Budget of Work (BOW) in all Learning Areas for Key Stage 1 - 4.

Peterson R. (2009). Families Firsts Keys to Successful Family Functioning: Communication. Retrieved from https://www.semanticscholar.org/paper/Families-First-Keys-to-Successful-Family-Peterson-Green/ad6c41f6395c7ff0db3d8bef95a36f46a6f32c37 on July 31, 2020.

Punsalan T. (1999). Buhay: Edukasyon sa Pagpapahalaga para sa Kolehiyo. Philippine Normal University: Manila

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, local 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph